

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGCAPAN NG SANGGUNANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-8 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 PEBRERO 2000, IKA 9:15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY CANTIL.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sifiel, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin
Konsehal Randy P. Valencia

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay
- Pangulo, Sangguniang Kabataan



Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN BLG. 016
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNANG BARANGAY NG CANTIL AT MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA PAGTANGGAP SA SANGGUNANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot hanggang sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makatutulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;
- SAPAGKA'T ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga namumuno sa nakatataas na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karaligan ng mga taong-bayan at sa gayon sa pagtutulungan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;
- SAPAGKA'T isa sa nakikitang magandang hakbang ay ang pagdarao sa sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyalogo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan ito;
- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idao ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;
- SAPAGKA'T sa Cantil na siyang panglabing-apat na barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Pebrero 28, 2000, naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng Cantil.

DAHIL, DITO sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat —


Handwritten signature/initials

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang lauspusong pagsasalamat sa Sangguniang Barangay ng Cantil at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa nasabing barangay.


IPINASYA RIN na ipadala ang slip ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Cantil sa pamamagitan ni Punong Barangay Samerio Gregorio para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. Pebrero 28, 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DINAPILIS
Punong Bayan

merz/